**INTERNATIONAL NAPASA　( May 13th,2025 )**

## 1)UKOL SA PAGHAHANAP NG GAGAMIT SA PATANIMAN PARA SA MAMAMAYAN

市民農園の利用者の募集のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng gagamit sa 22 pataniwan sa loob ng lungsod. Ang kontrata ay 2 taon at may posibilidad na ito ay ma-extend. Ang bayad sa taunang pagre-renta ng pataniman ay mula ¥ 8,000 hanggang ¥ 18,000. Ang bayad sa pagre-renta ay magkakaiba ayon sa lugar. Makikita sa ***Home Page*** ng Hiratasuka City ang bakanteng lugar ng pataniman. Kung may katanungan ay maaaring tumawag sa ***AGRICULTURE AND FISHERIES DIVISION (NOUGYO SUISAN KA).*** Telephone No. **0463-35-8102 ( 0463-35-8102 )**.

## 2)DEVICE PARA SA PAG-IWAS SA MGA DI KANAIS-NAIS NA TAWAG O SPAM CALLS

迷惑電話防止装置のお知らせ

1. Dito sa Hiratsuka City ay nagbibigay ng tulong na 1/2 ng presyo sa pagbili ng device para makaiwas sa mga di kanais-nais na tawag o spam calls sa mga residenteng matatanda na may edad na 65 taong gulang pataas. Subalit hanggang sa ¥ 5000 lamang ang tulong. Para sa mga gustong mag-apply ay isagawa ang kinakailangang pag-proseso sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION*** sa 4th Floor ng Hiratsuka City Office. Para sa mga katanungan ukol sa mga kinakailangang dokumento ay makipag-ugnayan sa sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION.*** Telephone No. 0463-21-9863 (0463-21-9863).

## 3)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 17 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***YOKOHAMA FC*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 4)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG HUNYO

6月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, HULA DANCE, YOGA, UNDERWATER EXERCISE, AQUABICS*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng

pag-aapply ay hanggang sa May 15 (Thursday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.

## 5)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa May 21 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Classic at Pop Concert"*** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay isasagawa naman ang ang concert na ***"Shiro Kuma Sensei no Saron Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**